

PROMETRIC



WASHINGTON

Kagawaran ng Kalusugan ng Estado

Sertipikadong Katulong sa Pangangalagang Pantahanan

Paunawa sa Impormasyon ng Kandidato

Simula sa Mayo 1, 2016

Paglathala ng Prometric

Nagbibigay ng Pagsusulit sa Paglilisensya para sa Estado ng Washington

Karapatang ng Paglalathala © 2016 Prometric Inc., isang korporasyon ng Delaware.
Lahat ng mga karapatan ay nakalaan.
Binago 20160415

Mga Nilalaman

Panimula	1	Balangkas ng Nilalaman ng Pagsusulit sa Kaalaman..... 6	
Isang mensahe mula sa DOH at Prometric ...	1	Pagsusulit sa Kasanayan..... 7	
Sa unang tingin.....	1	Ang mga kandidatong gumaganap bilang kliyente..... 7	
Proseso ng aplikasyon sa pagsusulit	3	Pagkuha ng iyong pagsusulit	9
Mga lokasyon ng pagsusulit.....	3	Ano dadalhin sa pagsusulit	9
Lokasyon ng pagsusulit na pasilidad	3	Mga regulasyon sa sentro ng pagsusulit.....	10
Pang-rehiyon na lokasyon ng pagsusulit	3	Ang iyong mga resulta ng pagsusulit	11
Sulat ng Pagkatanggap sa Pagsusulit	4	Pagsusulit sa Kaalaman	11
Impormasyon sa bayad	4	Pagsusulit sa Kasanayan	12
Mga Natatanging Kaluwagan sa Pagsusulit	4	Pagsusuri ng Pagsusulit sa Kaalaman.....	12
Muling pagtakda ng appointment.....	5	Proseso sa pag-apela.....	13
Pangkalahatang buod ng pagsusulit	6		
Pagsusulit sa Kaalaman	6		
Balangkas ng nilalaman ng pagsusulit	6		

Isang mensahe mula sa DOH at Prometric

Inaatasan ng batas ng estado ng Washington na kumuha ng sertipikasyon sa katulong sa pangangalagang pantahanan ang ilang mga manggagawa ng pang-matagalang pangangalaga. Ang Kagawaran ng Kalusugan (DOH, Department of Health) ng Estado ng Washington ay responsable sa pamamahala ng pangangasiwa ng pagsusulit at pagbibigay ng sertipikasyon sa mga pumasa ng pagsusulit.

Kinontrata ng DOH ang Prometric Inc. upang pangasiwaan ang pagsusulit para sa Sertipikasyon sa Katulong sa Pangangalagang Pantahanan (HCA, Home Care Aide) ng Estado ng Washington. Nilalarawan ng paunawang ito ang mga pamamaraan sa pagpapatala at pagkuha ng pagsusulit na HCA.

MAYO 1, 2016: BAGONG APLIKASYON AT PAGSUSULIT

KAILANGANG MAGBIGAY ANG MGA APLIKANTE NG EMAIL ADDRESS UPANG MAITAKDA SA PAGSUSULIT.

Ang nakasulat at pabigkas na mga pagsusulit ay pinagsama sa isang pagsusulit sa Kaalaman; lahat ng mga aplikante ay maaaring pakinggan ang pabigkas na pagsusulit habang kumukuha sila ng pagsusulit. Ang pagsusulit sa Kaalaman ay halos tama/mali na mga katanungan na may ilang mga larawan at maikling animasyon.

Ang hiwalay na aplikasyon sa sertipikasyon ng DOH at aplikasyon sa pagsusulit na Prometric ay pinagsama sa isang form ng aplikasyon. Ipadala ngayon ng mga unang beses na kukuha ng pagsusulit ang kanilang mga aplikasyon at bayad sa Kagawaran ng Kalusugan ng Estado ng Washington, na mag-aabiso sa Prometric kapag ang isang aplikante ay karapat-dapat na kumuha ng pagsusulit. Upang pumunta sa website at aplikasyon ng DOH i-click **dito**.

Lahat ng muling kukuha ng pagsusulit ay makikipag-ugnayan nang direkta sa Prometric para sa pagtatakda ng pagsusulit.

Sa unang tingin

Sundin ang mga hakbang na ito kung nais mong kumuha ng pagsusulit na HCA:



Upang kumuha ng pagsusulit na HCA at matanggap ang iyong sertipikasyon

- 1** Magpadala ng kumpletong form ng **Aplikasyon sa Pagsusulit sa Katulong sa Pangangalagang Pantahanan** sa DOH.
- 2** Gamitin ang mga balangkas ng nilalaman sa gabay na ito upang maghanda para sa iyong pagsusulit. (Pahina 6)
- 3** Kumuha ng pagsusulit ayon sa nakatakda. Siguraduhing dalhin ang mga kinakailangang pagkakakilanlan sa lugar ng pagsusulit. (Pahina 9)

PANIMULA

- 4 Kung pumasa ka sa pagsusulit at matugunan ang lahat ng iba pang mga kinakailangan sa paglilisensya, ibibigay sa iyo ng DOH ang iyong sertipikasyon.
- 5 Kung hindi ka pumasa sa alinman sa mga kinakailangang pagsusulit, makipag-ugnayan sa Prometric upang magtakda muli ng iyong pagsusulit.

Upang makakuha ng mga sagot na hindi ibinigay sa paunawang ito

Makipag-ugnayan sa Prometric para sa lahat ng mga katanungan at kahilingan para sa impormasyon tungkol sa proseso ng pagsusulit:

Prometric

7941 Corporate Drive

Nottingham, MD 21236

Telepono: 800.324.4689

E-mail: WAHCA@prometric.com

Website: www.prometric.com/wadoh

Makipag-ugnayan sa DOH para sa mga katanungan tungkol sa sertipikasyon:

**Washington State Department of Health
Health Systems Quality Assurance Division
Customer Service Office**

111 Israel Road SE

P.O. Box 47877

Olympia, WA 98504-7877

Telepono: 360.236.4700

Fax: 360.236.2701

E-mail: Homecareaid@doh.wa.gov.

Website:

[www.doh.wa.gov/LicensesPermitsandCertificates/
ProfessionsNewReneworUpdate/HomeCareAide.aspx](http://www.doh.wa.gov/LicensesPermitsandCertificates/ProfessionsNewReneworUpdate/HomeCareAide.aspx)

Proseso ng aplikasyon sa pagsusulit

Nilalarawang ng bahaging ito ang:

- Mga kinakailangan upang maging karapat-dapat na kumuha ng pagsusulit para sa Sertipikasyon sa HCA.
- Impormasyon sa kung paano kumpletuhin ang form ng aplikasyon.
- Impormasyon sa kung paano magtakda muli ng appointment ng pagsusulit.

Unang beses na kukuha ng pagsusulit: Kumpletuhin ang **aplikasyon** at ibalik sa DOH ayon sa mga tagubilin ng aplikasyon. Parehong aabisuhan ka at ang Prometric ng DOH kapag ikaw ay naaprubahan na kumuha ng pagsusulit.

Mga muling kukuha ng pagsusulit: Makipag-ugnayan ka nang direkta sa Prometric upang magtakda muli ng iyong pagsusulit. Kung magbabayad sa pamamagitan ng credit card, maaari kang tumawag sa Prometric, ibigay ang iyong impormasyon ng kandidato, at isumite ang iyong pagbabayad sa telepono. Kung magbabayad sa pamamagitan ng cashier's check o money order, kailangan mong magsumite ng isang aplikasyon (na matatagpuan sa dulo ng dokumentong ito) kasama ang tseke.

Mga lokasyon ng pagsusulit

Mayroong dalawang posibleng mga lokasyon kung saan ang mga kandidato ay maaaring kumuha ng pagsusulit. Kung ang Programa ng Pagsasanay kung saan mo kinuha ang iyong pagsasanay ay nagpatala upang maging pasilidad na lokasyon ng pagsusulit, doon ka kukuha ng pagsusulit. Kung hindi, kukuha ka ng pagsusulit sa isang sentrong pang-rehiyon ng pagsusulit.

Lokasyon ng pagsusulit na pasilidad

Kung ang iyong programa ng pagsasanay ay nag-aalok ng pagsusulit sa pasilidad, bibigyan ka nila ng kodigo ng lokasyon ng pagsusulit.

Pang-rehiyon na lokasyon ng pagsusulit

Kung hindi ka maaaring kumuha ng pagsusulit sa lokasyon ng iyong programa ng pagsasanay, maaari kang kumuha sa isang pang-rehiyon na lokasyon ng pagsusulit. Siguraduhing ilita ang kodigo ng lokasyon kung saan mo gustong kumuha ng iyong pagsusulit sa form ng aplikasyon ng DOH.

Makikita online ang listahan ng kasalukuyang mga pang-rehiyon na lokasyon ng pagsusulit sa www.prometric.com/wadoh.



Mahalaga Ang mga pang-rehiyon na lokasyon ng pagsusulit ay maaaring magbago. Kung kailangan mong tiyakin ang isang lokasyon, mangyaring tumawag sa 800.324.4689.

Sulat ng Pagkatanggap sa Pagsusulit

Kapag naitakda na ng Prometric ang iyong pagsusulit, makatatanggap ka ng isang sulat ng Pagkatanggap sa Pagsusulit **sa pamamagitan ng email**. Nakalista sa sulat na ito ang oras, petsa at tiyak na lokasyon ng iyong appointment ng pagsusulit. Kung hindi ka pwede sa naitakdang petsa ng pagsusulit, tumawag 800.324.4689 **kaagad** upang muling magtakda ng iyong pagsusulit.

Impormasyon sa bayad

Kung ikaw ay unang beses na kukuha ng pagsusulit, mangyaring i-click **dito** para sa impormasyon sa pagbabayad.

Para lamang sa mga muling kukuha ng pagsusulit:

Ang mga bayad sa pagsusulit ay **hindi maibabalik at hindi maililipat**. Ang mga bayad ay ibabalik lamang sa iyo kung ikaw ay napag-alamang hindi karapat-dapat sa pagsusulit. Ang mga bayad ay dapat kasama sa form ng aplikasyon. **Ang mga aplikasyong natanggap nang walang tamang bayad ay ibabalik.**

Maaaring magbayad sa sumusunod na paraan:

- Tinatanggap lamang ng Prometric ang mga money order o cashier's check na ibabayad sa pangalan ng Prometric. **Ang mga personal na tseke at pera ay hindi tinatanggap.**
- Maaari ring magbayad sa pamamagitan ng paggamit ng may bisang VISA, MasterCard o American Express na credit card. Beberipikahin ng Prometric ang mga credit card bago iproseso ang mga pagpapatala. Ang mga pagkaantala ay maaaring mangyari kung ang credit card ay hindi maberipika. Isang beses ipoproseso ang kahilingan para sa pag-apruba ng mga pagbabayad sa pamamagitan ng credit card; kung hindi tanggapin, mangangailangan ng isa pang paraan ng pagbabayad.

Patakaran sa pagbabalik ng bayad. Kung ikaw ay natukoy na hindi karapat-dapat para sa muling pagkuha ng pagsusulit, ang iyong bayad sa pagsusulit ay ibabalik.

Mga Natatanging Kaluwagan sa Pagsusulit

Ang mga makatwirang kaluwagan sa pagsusulit ay ibinibigay upang mabigyan ang mga kandidatong may dokumentadong kapansanan na kinikilala sa ilalim ng Batas sa mga Amerikanong May Kapansanan (ADA, Americans with Disabilities Act) ng pagkakataon na ipakita ang kanilang mga kasanayan at kaalaman.

Kinakailangan ng tatlung araw na paunang abiso para sa lahat ng mga natatanging pagsasaayos sa pagsusulit. Malalaman mo ang resulta ng

PROSES NG APLIKASYON SA PAGSUSULIT

pagsusuri bago ang nakatakdang pagsusulit. Walang dagdag na bayad para sa mga kaluwagang ito.

Kaluwagan para sa Ingles bilang Pangalawang Wika (ESL, English as a Second Language). Kung Ingles ang iyong pangalawang wika, hindi itinuturing na kapansanan ang sagabal sa wika. Gayunpaman, maaari kang kumuha ng pagsusulit sa Ruso, Espanyol, Ukranyo, Vietnamese, Koreano, Pinapayak na Intsik, Somali, Samoan, Khmer, Tagalog, Arabe, o Laotian. Ang opsyong ito ay **dapat** markahan sa form ng aplikasyon bago ang nakatakdang araw ng pagsusulit. Hindi **ka maaaring** humiling na kumuha ng pagsusulit sa ibang wika sa araw ng pagsusulit.

Kung nais mong kumuha ng pagsusulit sa isang wikang hindi nakalista sa itaas, mangyaring kumpletuhin ang form ng mga kaluwagan sa pagsusulit at tukuyin ang wika kung saan nais mong kumuha ng pagsusulit, at isama ang dayalekto, kung naaangkop. Kukuha ang Prometric ng isang personal na magsasalin ng wika upang isalin ang parehong pagsusulit sa Kaalaman at kasanayan.

Muling pagtakda ng appointment

Upang muling magtakda ng iyong appointment, kailangan mong makipag-ugnayan sa Prometric sa 800.324.4689. Ang mga bayad sa muling pagtatakda ay gaya ng sumusunod:

- **\$25 bayad** sa muling pagtakda **hanggang sa anim na buong araw ng trabaho** bago ang iyong pagsusulit.
- Ang buong bayad sa pagsusulit kung muling magtakda sa mas mababa sa limang buong araw ng trabaho bago ang iyong pagsusulit, o kung ikaw ay hindi tinanggap sa isang lokasyon ng pagsusulit.

Kung lumiban o nahuli. Kung makaligtaan mo ang iyong appointment o huli nang dumating at hindi pahihintulutan na kumuha ng pagsusulit, hindi ibabalik sa iyo ang iyong mga bayad at dapat magbayad ng isa pang bayad sa pagsusulit upang kumuha ng pagsusulit. Kung makaligtaan mo ang iyong appointment dahil sa sakit o emerhensiya, tumawag sa Prometric kaagad. Ang bayad sa muling pagtakda ay maaaring ipaubaya kung may pagpapatunay ng iyong sakit o emerhensiya.

Pagsasara sanhi ng emerhensiya. Maaaring mangailangan ng pagkansela ng mga nakatakdang pagsusulit dahil sa masamang panahon o isang emerhensiya. Kung mangyari ito, tatangkain ng Prometric na makipag-ugnayan sa iyo sa pamamagitan ng telepono at email. Maaari ka ring tumawag 800.324.4689 upang malaman kung ang isang lokasyon ay sarado. Kung ang lokasyon ay sarado, ang iyong pagsusulit ay itatakda sa ibang panahon nang walang bayad sa muling pagtatakda.

Muling pagkuha ng pagsusulit. Kailangan mong kumuha at pumasa sa parehong mga pagsusulit sa Kasanayan at pagsusulit sa Kaalaman. Mayroon kang hanggang tatlong pagtatangka sa loob ng dalawang taon upang kumpletuhin ang pagsasanay. Kinakailangan ang bayad sa bawat pagkuha ng pagsusulit. Ikaw ay kinakailangan lamang kuning muli ang pagsusulit na hindi mo naipasa maliban sa mga nakatala sa ibaba.



Tandaan Kung hindi mo matagumpay na naipasa ang parehong mga pagsusulit pagkatapos ng tatlong pagtatangka, kailangan mong magsanay muli sa isang aprubadong programa ng katulong sa pangangalagang pantahanan at pagkatapos ay kumuha muli ng parehong mga pagsusulit.

Pangkalahatang buod ng pagsusulit

Ang Pagsusulit para sa Sertipikasyon ng Katulong sa Pangangalagang Pantahanan ng Estado ng Washington ay binubuo ng isang **pagsusulit sa Kaalaman** at isang aktuwal na pagpapakita na tinutukoy bilang **pagsusulit sa Kasanayan**.

Kailangan mong pumasa sa parehong pagsusulit sa Kaalaman at Kasanayan sa loob ng dalawang taon matapos makumpleto ang iyong programa sa pagsasanay sa katulong sa pangangalagang pantahanan. Mayroon kang hanggang tatlong pagtatangka. Kung mabigo ka sa alinman sa mga pagsusulit sa Kaalaman o Kasanayan nang tatlong beses, ikaw ay kinakailangang magsanay muli at kumuha muli ng parehong mga pagsusulit sa Kaalaman at Kasanayan.

Pagsusulit sa Kaalaman

Ang pagsusulit sa Kaalaman ay binubuo ng 60 maramihang-pagpipiliang tanong na susubok sa iyong pangkalahatang kaalaman sa mga tungkulin sa trabaho ng katulong sa pangangalagang pantahanan. Magkakaroon ka ng 90 minuto upang kumpletuhin ang pagsusulit.

Ang pagsusulit sa Kaalaman ay ibinibigay sa isang kompyuter. Hindi mo kailangan ng karanasan sa kompyuter upang gamitin ang sistemang ito. Gagamit ka ng isang mouse ng kompyuter upang pumili ng sagot. Ang mga halimbawang tanong ay makukuha **rito**.

Mangyaring tandaan na sa panahon ng pagsusulit na ito, may opsyon ka na pakinggan ang tanong na babasahin sa iyo habang binabasa at sinasagot ang mga tanong sa kompyuter. Maaari mong pakinggan muli ang mga katanungan nang ilang beses kung kinakailangan sa panahon ng pagsusulit.

Balangkas ng nilalaman ng pagsusulit

Saklaw ng mga larangan ng pagsusulit sa kaalaman ang nakalista sa ibaba.

Balangkas ng Nilalaman ng Pagsusulit sa Kaalaman

60 katanungan-90-minutong limitasyon sa oras

Tandaan: Sampu sa mga katanungan sa pagsusulit na ito ay ginagamit para sa mga layuning estadistikal lamang at hindi isasama sa proseso ng pagmamarka.

Saklaw I:

Mga Tungkulin at Pananagutan ng Katulong sa Pangangalagang Pantahanan - 38% [19 katanungan]

- A. Mga tungkulin at mga hangganan ng manggagawa
- B. Mga karapatan at dignidad ng mamimili
- C. Pang-aabuso at iniaatas na pag-uulat
- D. Pagmamasid at pag-uulat
- E. Kakayahan sa pakikipag-usap
- F. Pagtugon sa problema
- G. Sariling pangangalaga ng manggagawa

Saklaw II:

Pagsuporta sa Pisikal at Siko-sosyal na Kapakanan - 44% [22 katanungan]

- A. Suporta sa mga gawaing pang-araw-araw na pamumuhay (ADL, activities of daily living)
- B. Pag-aalaga ng balat

PANGKALAHATANG BUOD NG PAGSUSULIT

- C. **Nutrisyon at pag-inom ng tubig**
- D. **Tulong sa medikasyon**
- E. **Kultural na pagkasensitibo**
- F. **Kalusugan at mabuting kapakanan**
- G. **Pighati at kawalan**

Saklaw III:

Pagtaguyod ng Kaligtasan - 18% [9 katanungan]

- A. **Pagpigil ng impeksyon**
- B. **Mga pathogen na dala ng dugo at HIV/AIDS**
- C. **Pag-iwas sa pagkahulog**
- D. **Paghahanda at pag-aasikaso ng pagkain**

Pagsusulit sa Kasanayan

Ang pagsusulit sa Kasanayan ay isang inoorasang pagsusulit. Mamarkahan ka sa limang kasanayan. Habang ginagawa ang tatlong itinalagang kasanayan, mamarkahan ka rin sa dalawang karagdagang kasanayan – Paghuhugas ng Kamay at mga Karaniwang Kaugalian sa Pangangalaga. Ang mga Karaniwang Kaugalian sa Pangangalaga ay mga kasanayan na bahagi ng bawat kasanayan, tulad ng mga karapatan ng kliyente, pakikipag-usap sa kliyente, kaligtasan at kaghinhawaan ng kliyente, at pagpigil ng impeksyon. Upang pumasa sa pagsusulit sa Kasanayan, kailangan mong pumasa sa lahat ng limang mga kasanayan.

Ang Checklist ng mga Kasanayan ng Katulong sa Pangangalagang Pantahanan ay makukuha online sa www.prometric.com/wadoh. Sa simula ng pagsusulit sa Kasanayan, ang tagapagsuri ay magbibigay sa iyo ng mga tagubilin upang isagawa ng tatlong kasanayan para sa isang kliyente. Ang tagapagsuri ay magsasabi sa iyo kung gaano kahaba ang oras na mayroon ka para sa iyong pagsusulit batay sa kung aling mga kasanayan ang pinapagawa sa iyo. Para pumasa sa isang kasanayan, hindi mo kinakailangan isagawa ang kasanayan nang perpekto, ngunit kinakailangan mong ipakita ang kakayanan sa kasanayan. Papanoorin ka ng tagapagsuri na isagawa ang kasanayan at ihahambing ang iyong pagganap sa mga checkpoint para sa kasanayan.

Pinahihintulutan ng mga patakaran para sa pagsusulit sa Kasanayan na gumawa ka ng mga pagwawasto habang isinasagawa ang isang kasanayan. Kailangan mong sabihin sa tagapagsuri na gumagawa ka ng isang pagwawasto habang ginagawa ang kasanayan. Sa sandaling nakumpleto mo na ang isang kasanayan at naipahiwatig sa tagapagsuri na tapos ka na sa kasanayan, hindi ka maaaring bumalik upang iwasto ang nakaraang kasanayan. Hindi ka bibigyan ng dagdag na oras para sa pagwawasto ng isang kasanayan. Dahil ito ay isang pagsusulit para sa sertipikasyon ng estado, hindi pinapahintulutan ang tagapagsuri na tumulong, magturo o magbigay sa iyo ng mga pahiwatig sa kung paano isagawa ang mga kasanayan. Ang tagapagsuri ay hindi rin pinapayagan na talakayin sa iyo ang iyong mga resulta o pagganap.

Ang mga kandidatong gumaganap bilang kliyente

Gagamit ka ng isang manikin kung kailangan mong ipakita ang mga kasanayan sa pangangalagang perineal at/o catheter. Para sa mga natitirang kasanayan, ang ibang mga kandidato ay gaganap bilang kliyente. Ikaw ay inaasahang gumanap bilang kliyente para sa isa pang kandidatong kumukuha ng pagsusulit sa parehong araw. Babasahin ng tagapagsuri ang mga tagubilin na nagpapaliwanag ng papel ng gumaganap na kliyente bago magsimula ang pagsusulit.

Kung mayroon kang medikal na kondisyon na nakaaapekto sa iyong kakayahang gumanap bilang kliyente para sa isang kasanayan, tulad ng kung

PANGKALAHATANG BUOD NG PAGSUSULIT

ikaw ay may diabetes at hindi maaaring kumain ng fruit cocktail, mangyaring ipaalam sa tagapagsuri kapag nagpatala sa araw ng pagsusulit.

Sa ibaba ay isang maikling paglalarawan ng kung ano ang inaasahan kapag gumaganap bilang kliyente.

Kakayahang isasagawa	Sa pagganap bilang kliyente, ikaw ay
Saklaw ng Galaw	hihiga sa kama at bibigyan ng ehersisyo sa isang balikat, tuhod at bukung-bukong.
Pangangalaga ng Paa	uupo sa isang upuan at papahugasan ang isang paa, ipapahugis ang mga kuko sa mga daliri ng paa gamit ang de liha, at papalagyan ng lotion ang paa.
Tulong sa pagdamit	uupo sa isang upuan at ipapalagay sa ibabaw ng iyong mga damit ang isang kamisa, pantalon, medyas at sapatos.
Pagpapakain ng kliyente	uupo sa isang upuan at papakainin ng fruit cocktail at papainumin ng tubig.
Tulong sa paglalakad	lalagyan ng sinturong panlakad sa iyong baywang at papalakaran ng humigit-kumulang na 20 hakbang.
Pagliko at muling pagposisyon	hihiga sa kama at ibabaling sa iyong tabi, at lalagyan ng kutson sa iyong likod at sa pagitan ng iyong mga binti upang suportahan ang iyong posisyon.
Kakayahang isasagawa	Sa pagganap bilang kliyente, ikaw ay
Paglinis at pagtabi ng pustiso	bibigyan ng isang tasang may pustiso sa loob nito. Ipapasa mo ang tasang ito sa kandidato. Ang pustiso ay hindi ilalagay sa iyong bibig.
Paglagay sa kliyente ng nababanat medyas na hanggang tuhod ang taas	hihiga sa kama habang ang kandidato ay maglalagay sa isang binti ng medyas na hanggang tuhod ang taas.
Paglipat sa wheelchair mula sa kama	hihiga sa kama at tutulongang umupo sa kama, itatayo at ibabaling sa isang wheelchair.
Pagbigay ng pangangalaga sa bibig	uupo sa isang upuan at ipapasipiliyo ang iyong ngipin.
Pagbigay ng pangangalaga ng mga kuko at kamay	uupo sa isang upuan at ipapababad ang iyong mga kuko, ipapalinis ang ilalim ng mga dulo ng kuko, at ipapahugis ang mga kuko gamit ang isang de liha. Lalagyan din ng lotion para sa balat ang mga kamay.
Pagtulong sa kliyente na uminom ng gamot	bibigyan ng kendi na ginagamit na kunwaring gamot para sa mga layunin ng pagsusulit. Pinahihintulutan kang nguyain o lunukin ang kendi. Ang mga ginagamit na kendi ay parehong hugis at laki ng mga gamot. Pinahihintulutan kang siyasatin ang mga bote ng gamot bago magsimula ang pagsusulit.

Pagkuha ng iyong pagsusulit

Ang pag-alam kung ano ang aasahan sa pagkuha ng iyong pagsusulit ay maaaring makatulong sa iyo sa paghanda para rito. Ang bahaging ito ay naglalaman ng:

- Isang listahan ng kung ano ang dadalhin sa lokasyon ng pagsusulit.
- Ang mga regulasyon na ipatutupad sa lokasyon ng pagsusulit.
- Isang gabay sa pag-unawa ng iyong mga resulta ng pagsusulit.
- Impormasyon tungkol sa mga apela.

Ano dadalhin sa pagsusulit

Kailangan mong dumating ng hindi bababa **sa 30 minuto bago** ang iyong nakatakdang appointment ng pagsusulit. Nagbibigay ito ng oras upang magpatala at beripikahin ng mga kawani ang iyong pagkakakilanlan. Kakailanganin mong ibigay ang lahat ng sumusunod na mga item:

Sulat ng Pagkatanggap sa Pagsusulit. Kailangan mong ipakita ang orihinal na sulat na ipinadala sa iyo ng Prometric. Hindi tatanggapin ang mga kopya.

Pagkakakilanlan. Kailangan mong magpakita ng dalawang uri ng may bisang pagkakakilanlan bago ka maaaring kumuha ng pagsusulit. Ang pagkakakilanlang iyon ay **dapat:**

- 1 Ibinigay ng gobyerno (hal., lisensiya sa pagmamaneho, kard ng pagkakakilanlang na ibinigay ng estado, pagkakakilanlang militar o pasaporte) na naglalaman ng:
Parehong kasalukuyang larawan at iyong pirma; at pangalan na eksaktong tumutugma sa pangalan na ginamit sa aplikasyon para sa pagsusulit (kabilang ang pagtatanda tulad ng "Jr." at "III").
- 2 Dapat kasama sa pangalawang uri ng pagkakakilanlan ang iyong pangalan at lagda. Kasama sa mga halimbawa ng mga tinatanggap na pangalawang uri ng pagkakakilanlan ang kard sa aklatan, lisensya ng pangangaso, kard ng Social Security o credit card. Hindi tatanggapin ang mga kopya.



Mahalaga Kung hindi ka magbibigay ng tamang pagkakakilanlan sa panahon ng pagsusulit, ito ay itinuturing na pagliban sa appointment. Kinakailangan mong bayaran ang buong bayad ng pagsusulit upang magtakda para sa isa pang pagsusulit.

PAGKUHA NG IYONG PAGSUSULIT

Mahalaga: Bago ang pagkuha ng iyong pagsusulit ikaw ay kinakailangan na sumagot ng isang tanong ng pagpatunay sa computer bago mailunsad ang pagsusulit. Kung hindi ka sumasang-ayon sa tanong ng pagpapatunay, hindi ka papayagang kumuha ng iyong pagsusulit. Tatanungin ka kung matagumpay mong nakumpleto ang mga kinakailangang kurso sa pagsasanay upang umupo para sa pagsusulit, o kung ikaw ay hindi kinakailangan ng sertipikasyon dahil sa nakaraang trabaho bilang manggagawa ng pangmatagalang pangangalaga (Daan 2 (Route 2)) o sa pamamagitan ng pagkakaroon ng iba pang kredensyal (Daan 3 (Route 3)). Ang mga kawani sa lokasyon ng pagsusulit ay may karapatang tanggihan ang pagtanggap sa sinumang kandidato kapag ang pagkakakilanlang ipinakita ay:

- Lumilitaw na huwad o binago.
- May larawan na hindi kamukha ng kandidatong kukuha ng pagsusulit. Mangyaring siguraduhin na ang iyong pagkakakilanlan ay may bagong larawan.
- May pirma na hindi tumutugma sa pirma ng kandidato.

Mga huling pagdating. Kung ikaw ay nahuli para sa appointment ng iyong pagsusulit, hindi ka papapasukin sa pagsusulit. Kinakailangan mong magbayad ng iba pang bayad ng pagsusulit at magtakda ng bagong appointment ng pagsusulit.

Ano ang isusuot. Upang kumuha ng pagsusulit sa kasanayan, kinakailangan mong magsuot ng medyas sa loob ng patag, di-dumudulas na saradong sapatos. Iminumungkahi na magdamit gaya ng isinusuot mo sa trabaho, suot ang damit na ligtas at kumportable para sa mga kasanayan isasagawa mo. Maaari hindi ka tatanggapin sa pagsusulit kung hindi ka nakadamit nang naaangkop. Kung ikaw ay hindi pinayagang kumuha ng iyong pagsusulit, mawawala ang iyong mga bayad sa pagsusulit at kinakailangang magbayad ulit ng isa pang bayad sa pagsusulit at itatakda muli ang iyong pagsusulit.



Tandaan dahil maaaring tumagal ng ilang oras ang pagkumpleto ng parehong pagsusulit sa Kasanayan at Kaalaman, iminumungkahi na magdala ka ng meryenda at/o tanghalian at mga inuming hindi nakalalasing. Bagama't hindi pinapayagan ang pagkain at pag-inom sa panahon ng pagsusulit, ikaw ay ituturo sa mga lugar kung saan pwedeng kumain habang naghihintay ng pagsusulit. Huwag umasa sa mga makina ng paninda sa lokasyon ng pagsusulit.

Mga regulasyon sa sentro ng pagsusulit

Mga sanggunian

Personal na mga gamit

Ang mga sumusunod na mga regulasyon ay sinusunod sa bawat lokasyon ng pagsusulit. Kung hindi ka susunod sa mga panuntunang ito, magreresulta ito sa pagkawala ng karapatan sa iyong pagsusulit. Inilalaan ng Prometric ang karapatan na irekord sa audiotape at videotape ang anumang sesyon ng pagsusulit.

- Hindi pinahihintulutan ang mga materyales na pagsangguni, papeles o materyales ng pag-aaral sa mga lokasyon ng pagsusulit. Kung ikaw ay makitaan na mayroon nito o anumang iba pang mga pantulong, hindi ka pahihintulutan na ipagpatuloy ang pagsusulit at hindi mamarkahan ang iyong mga sagot.

PAGKUHA NG IYONG PAGSUSULIT

Ang Prometric ay hindi mananagot para sa personal na mga gamit na dinala sa lokasyon ng pagsusulit. Iminumungkahi na huwag magdala ng personal na gamit sa lokasyon ng pagsusulit. Tandaan ang mga sumusunod:

- Ang mga elektronikong kagamitan ay **hindi** pinahihintulutan sa lugar ng pagsusulit. Kabilang dito ang **mga cell phone**, PDA, pager, camera, tape recorder, atbp. Ang lahat ng mga kagamitang ito ay kokolektahin ng tagapagsuri sa lokasyon ng pagsusulit.
 - Ang ibang mga personal na gamit-pitaka, portpolyo, atbp.-ay hindi pinapayagan sa lugar ng pagsusulit. **Tandaan:** Iminumungkahi na huwag dalhin sa lokasyon ng pagsusulit ang mga pitaka. Hindi pinapayagan ang pagbukas sa pitaka sa panahon ng pagsusulit.
- Pahinga para magbanyo**
- Kung lumabas ka sa silid ng pagsusulit sa panahon ng pagsusulit, dapat kang magpatala sa listahan at mababawasan ang oras mo sa pagsusulit.
 - Hindi mo mapupuntahan ang anumang personal na mga gamit sa panahon ng pahinga na ito.
 - Hindi ka papayagang gumamit ng anumang mga elektronikong kagamitan o telepono sa panahon ng pahinga.
- Mga bisita**
- Hindi pinahihintulutan ang mga panauhin, bisita, bata o miyembro ng pamilya sa lokasyon ng pagsusulit.
- Maling asal o nakagagambalang pag-uugali**
- Kung nakikipag-ugnayan ka sa anumang nakakagambala o nakakasakit na pag-uugali, ikaw ay papaalisin mula sa pagsusulit. Kung pinaalis, ang iyong mga resulta ng pagsusulit ay walang bisa. Ang mga halimbawa ay: pagbigay o pagtanggap ng tulong, **pagring ng cell phone sa lokasyon ng pagsusulit**, pag-uusap ng mga gumaganap na kliyente, pagdikta o paglipat kapag hindi itinuro na gawin ito, pakikibahagi sa isang aktong pagganap, pag-aalis ng mga materyales ng pagsusulit o mga tala mula sa silid ng pagsusulit, paggamit ng bastos o nakakasakit na wika at pag-uugali na nakakaantala o nakagagambala sa pagsusulit.
- Armas**
- Ang mga armas ay hindi pinapayagan sa lokasyon ng pagsusulit.

Armas



Mahalaga Sa bawat pagpasok mo sa silid ng pagsusulit, hihilingin sa iyo na baliktarin palabas ang iyong mga bulsa upang kumpirmahin na wala kang mga ipinagbabawal na mga gamit. Kokolektahin ng tagapangasiwa ng sentro ng pagsusulit ang anumang mga materyales na lumalabag sa mga patakaran.

Mga katanungang protektado ng karapatan sa paglalathala. Lahat ng mga katanungan sa pagsusulit ay pag-aari ng Kagawaran ng Kalusugan ng Estado ng Washington at protektado ng karapatan sa paglalathala. Ang pederal na batas ay nagbibigay matinding sibil at kriminal na mga parusa para sa hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, o paglabas ng mga materyales na protektado ng karapatan sa paglalathala.

Ang iyong mga resulta ng pagsusulit

Ang iyong mga resulta ay iniulat sa DOH hindi alintana kung matagumpay na nakumpleto o hindi ang parehong bahagi ng pagsusulit.

Pagsusulit sa Kaalaman

Dahil ang iyong pagsusulit ay ginawa sa kompyuter, bibigyan ka kaagad ng nakalimbag na ulat ng marka pagkatapos ng iyong pagsusulit. Ililista ng ulat ng marka ang pangkalahatang resulta pasado man o hindi pasado. Ibibigay din ng ulat ng marka ang porsyento ng nakuha mong tama sa bawat pangunahing bahagi ng pagsusulit. **Ang mga kawani sa lokasyon ng pagsusulit ay**

hindi pinapayagang talakayin sa iyo ang iyong mga resulta o pagganap.

Upang pumasa sa pagsusulit sa Kaalaman, dapat makakuha ka ng isang pangkalahatang bilang ng mga tanong nang tama. Hindi kinakailangang pumasa sa bawat larangan ng nilalaman. Posibleng hindi pasado sa ilang mga larangan ng nilalaman sa pagsusulit sa Kaalaman at magkaroon pa rin ng pasadong pangkalahatang resulta. Kahit na ikaw ay magtagumpay, ikaw ay masidhing hinihikayat na bigyang tuon ang mga larangang nangangailangan ng karagdagang pansin sa sandaling simulan mo ang pagbigay ng pangangalaga sa publiko.

Pagsusulit sa Kasanayan

Ibibigay sa iyo ang iyong ulat ng marka sa lokasyon ng pagsusulit ilang sandali matapos ang pagkumpleto ng iyong pagsusulit. Ililista ng ulat ng marka ang bawat kasanayan at kung ikaw ay pumasa o hindi pumasa sa kasanayan. Kailangan mong ipasa ang lahat ng limang kasanayan upang pumasa sa pagsusulit sa Kasanayan. Kung hindi ka pumasa sa iyong pagsusulit, makatatanggap ka ng impormasyon tungkol sa pagkuha muli ng pagsusulit.

Ang tagapagsuring nagbigay ng pagsusulit sa Kasanayan ay hindi pinapayagang talakayin sa iyo ang mga resulta o pagganap.



Tandaan ang mga resulta ay kompidensiyal at hindi ibinibigay sa telepono. Anumang mga katanungan o mga puna tungkol sa iyong pagsusuri ay dapat isangguni sa Prometric sa 800.324.4689.

Kung hindi gumagana ang printer sa lokasyon ng pagsusulit, maaari mong makita ang iyong opisyal na resulta online. Sundin ang mga hakbang:

- 1 Mag-log sa <https://ibt.prometric.com/wadoh>.
- 2 I-click ang ligtas na pagpatala.
- 3 Ilagay ang iyong Prometric ID bilang iyong username at password (ang bilang na ito ay nasa iyong sulat na ATT). Kung wala kang sulat, maaari kang makipag-ugnayan sa serbisyong pang-kostumer upang kunin ito.
- 4 Sa Main Menu, i-click ang link na nagsasabing Suriin ang mga Marka (Review Scores).
- 5 I-click ang petsa ng mga resulta ng pagsusulit na nakalista sa kahon ng kasaysayan upang makuha ang iyong mga ulat ng marka ng pagsusulit.
- 6 Upang makita kung aling mga checkpoint na nakaligtaan mo sa iyong pagsusulit sa kasanayan, i-click ang link sa ulat na marka na nagsasabing Katugunan sa Item.

Pagsusuri ng Pagsusulit sa Kaalaman

Kung nais mong suriin ang mga katanungan na nasagutan mo nang mali sa pagsusulit sa Kaalaman, maaari mong gawin ito sa pamamagitan ng pagpapadala ng isang aplikasyon at pagpili sa \$40 na opsyon sa pagsusuri. Aabisuhan ka ng iyong pagsusuri ng pagsusulit sa parehong paraan ng pag-abiso sa iyo ng petsa ng iyong pagsusulit. Pagdating mo sa lokasyon ng pagsusulit, hihilingin sa iyo na magpatala at magbigay ng ID sa parehong paraan na ginawa mo sa pagkuha ng pagsusulit. Gayunpaman, sa halip na bigyan ng pagsusulit, bibigyan ka ng isang naka-imprenta ng pagsusulit na

nagpapakita lamang sa iyo ng mga katanungan na nakaligtaan sa iyong pagsusulit sa Kaalaman, ang mga hindi tamang sagot na ibinigay para sa mga tanong na iyon, at ang mga tamang sagot para sa mga tanong na iyon. Magkakaroon ka ng apatnapu't-limang minuto upang suriin ang pagsusulit. Hindi ka pinahihintulutan na lumabas ng silid na may anumang mga tala. Lahat ng mga kinakailangang seguridad na ginawa sa panahon ng pagsusulit ay gagawin din sa sesyon ng pagsusuri. Kailangan mong maghintay ng 30 araw kasunod ng sesyon ng pagsusuri upang magtakada muli ng pagkuha ng pagsusulit.

Proseso sa pag-apela

Layunin namin na magbigay ng isang de-kalidad na pagsusulit at isang kaaya-aya karanasan sa pagsusulit para sa bawat kandidato. Kung ikaw ay hindi nasiyahan sa alinman at naniniwalang maaari naming iwasto ang mga problema, nais naming pakinggan ka. Kami ay nagbibigay ng isang pagkakataon para sa pangkalahatang mga komento sa dulo ng iyong pagsusulit. Ang iyong mga komento ay susuriin ng aming mga kawani, ngunit hindi ka makatatanggap ng direktang tugon.

Kung nais mong magsumite ng apela tungkol sa nilalaman, pagpapatala, pagtatakda o pangangasiwa ng pagsusulit (pamamaraan sa lokasyon ng pagsusulit, kagamitan, kawani, atbp.), mangyaring magsumite ng apela sa pamamagitan ng pagbisita sa www.prometric.com/contactus .

Dapat nakalagay sa iyong sulat ng apela ang iyong pangalan at Prometric ID, ang pamagat ng pagsusulit, ang petsa ng pagsusulit at ang mga detalye ng iyong alalahanin, kabilang ang lahat ng mga kaugnay na mga katunayan. Ang mga sulat ay dapat matanggap sa loob ng 60 araw mula sa petsa ng pagsusulit. Siguraduhing ilagay ang iyong pirma at address ng pagtugon.

Ipadala ang iyong sulat ng pag-apela sa:

Prometric

ATTN: Appeals Committee

7941 Corporate Drive

Nottingham, MD 21236

Susuriin ng Komite ng Pag-apela (Appeals Committee) ang iyong alalahanin at magpapadala sa iyo ng isang nakasulat na tugon sa loob ng 20 araw ng negosyo ng pagkatanggap.